JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3
## Uri ng mga Pangungusap



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Cristita O. Magallanes, Hazel H. Pantallano

**Editor:**

**Tagasuri:** Loida V. Lingating, Nicelle May J. Perales

**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS – LRMDS

Josephine L. Tomboc, EdD
EPS – Filipino

Vernon Sotero M. Fernandez, EdD
Public Schools District Supervisor



# Alamin

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang paggamit ng mga uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng sariling karanasan at nagagamit ito sa pagpapakilala ng produkto. Buksan ang iyong puso at isipan sa panibagong pakikipagsapalaran sa mahiwagang mundo ng Asignaturang Filipino.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit sa pagpapakilala ng produkto ang uri ng pangungusap. Nagagamit ang iba't ibang mga uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng sariling karanasan. (FWG-IVa-13.1)



# Balikan

Sa nakaraang baitang ay natalakay ng guro mo ang tungkol sa apat na mga uri ng pangungusap. Kaya mo pa bang tukuyin kung ano-ano ang mga iyon?

Halika, magbalik aral ka. Bibigyan kita ng maiksing pagsasanay upang maalaala mo ang mga uri ng pangungusap.

**PANUTO:** Sabihin kung ang pangungusap ay Pasalaysay, Patanong, Pautos, o Padamdam. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bigyan mo ng papel si Carlo.
   A. Pasalaysay
   B. patanong
   C. pautos o pakiusap
   D. padamdam

2. Ang regalo ng Ninang Marta ko ay pulang sapatos.
   A. pasalaysay
   B. patanong
   C. pautos o pakiusap
   D. padamdam

3. Lito saan ka pupunta bukas?
   A. pasalaysay
   B. patanong
   C. pautos o pakiusap
   D. padamdam

4. Naku! May malaking sunog sa kabilang bahay!
   A. Pasalaysay
   B. patanong
   C. pautos o pakiusap
   D. padamdam

5. Ang sarap matulog pag umuulan.
   A. pasalaysay
   B. patanong
   C. pautos o pakiusap
   D. padamdam



# Tuklasin

**Basahin at Pag-isipan..**

**Ang Mag-anak**

Sa Pateros, Rizal naninirahan ang mag-anak nina Mang Sidro at Aling Tinay, Pag-aalaga ng itik ang kanilang ikinabubuhay.

Araw-araw ay nagtutulong-tulong sila sa pag-aalaga ng mga itik.
**MANG SIDRO:** Lito, bago ka pumasok sa paaralan, pwede bang pakainin mo muna ang maliliit na itik na nasa bagong kulungan? Linisin mo ang kainan bago mo ito lagyan ng patuka.
**ALING TINAY**: Lily, halika nga. Pakikuha mo ang walis sa kubo. Walisan mo ang paligid ng kulungan ng mga itik. Mabuti ang malinis na paligid para sa mga itik.
**LILY:** Nanay, maaari po bang mamaya na ako magwalis? Tutulungan ko po muna si Kuya sa pagpapatuka ng mga itik.

**LITO:** Salamat, Lily. Aba! Marami na palang itlog ang mga itik! Tulungan mo naman akong mamulot, Lily.

**LILY:** Oo nga Kuya! Ang daming itlog! Ang lalaki at kikinis ng mga ito. Ang dami namang nangingitlog na itik natin. Saan kaya ito ibebenta ni tatay?

**MANG SIDRO:** Tapusin muna ninyo ang pagpapatuka ng mga itik. Saka ninyo pulutin ang mga itlog.

**LILY AT LITO:** Opo itay. Saan po namin ilalagay ang mga itlog itay?

**MANG SIDRO:** Ilagay nyo mga anak sa basket para handa ko ng ibenta ang mga iyan bukas sa palengke.

**PANUTO:** Suriin at pansinin ang mga uri ng pangungusap na ginagamit ng mga tauhan sa kuwento sa itaas. Masasabi mo ba kung anong uri ng pangungusap ang mga ito? Tukuyin kung ito ba ay pasalaysay, pautos, patanong, o padamdam.

_______________1. Araw-araw ay nagtutulungan sila sa pag-aalaga ng mga itik.
_______________2. Linisin mo ang kakainan bago mo ito lagyan ng patuka.
_______________3. Pakikuha mo ng walis at walisan mo ang paligid ng kulungan ng mga itik.
_______________4. Mabuti ang malinis na paligid para sa mga itik.
_______________5. Aba! Marami na palang itlog ang mga itik!
_______________6. Saan kaya ito ibebenta ni itay?
_______________7. Saan po namin ilalagay ang mga itlog itay?
_______________8. Oo nga Kuya!



# Suriin

**Pag-aralan natin.**

**Mga Uri ng Pangungusap**

1. **Pasalaysay–**ito ay nagsasalaysay, nagpapaliwanag, nagkukuwento, o naglalarawan. Nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tuldok (.)
   **Halimbawa:** Pangarap kong maging isang guro.
2. **Patanong-** ito ay pangungusap na patanong. Nagsisimula ito sa malaking titik at nagtatapos sa tandang pananong (?)
   **Halimbawa:** Saan mo inilagay ang payong ko Gian?
3. **Pautos o Pakiusap-** ito ay nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin. Nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tuldok (.) Ang pangungusap na pakiusap ay nakikiusap at kadalasan ginagamitan ng mga salitang <u>maaari</u>, <u>pwede bang</u>, <u>kung maaari sana</u> at <u>paki</u>, ang pautos naman ay nag-uutos ang tono ng boses.
   **Halimbawa ng pautos:** Kumuha ka ng pampunas at punasan mo ang dumi sa sahig natin Alma.
   **Halimbawa ng pakiusap:** Pakikuha mo nga ako ng tubig Lando.

4. **Padamdam-** ito ay nagsasaad ng matinding damdamin. Tulad ng tuwa, takot, o pagkagulat. Nagsisimula ito sa malaking titik at nagtatapos ng tandang padamdam (!)

**Halimbawa:** Naku! Ang laki ng ahas sa may puno ng manga!

Pansinin ang mga ginamit na pangungusap sa isang patalastas:

*"Mabula, mabango, at malambot sa kamay. Ang Hiyas ay walang halong sangkap na kemikal bagkus lahat ng ginamit dito ay pawang natural lamang."*

Ginamit ang pangungusap bilang **pasalaysay** dahil ito ay naglalahad ng katotohanan na ang produktong sabon ay pawang natural na sangkap lamang ang ginamit.

*"Bumili na kayo ng sabong panlaba. Pumunta na sa tindahan at bumili ng Hiyas."*

Ang uri ng ginamit na pangungusap ay **pautos**. Nagsasabi ito sa mga mamimili na sila ay bumili na ng kanilang produkto.

*"Naghahanap ka ba ng sabong panlaba?"*

Ang uri ng ginamit na pangungusap ay **patanong**.

*"Huwag ng magpahuli pa. Bili na!"*

Ang uri ng ginamit na pangungusap ay **padamdam**.

Ngayon naunawaan mo na kung anu-ano ang mga uri ng mga pangungusap?



# Pagyamanin

**PANUTO:** Lagyan ng tamang bantas ayon sa hinihingi ng bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel o kwaderno.

1. Ay naku! Bumabagyo na ang lakas pa naman ng hangin _____
2. Mario may kumagat ba sa iyo_____
3. Iniligtas siya ni Bantay sa pamamagitan ng pagtahol _____
4. Sino ba ang doktor na tumingin sa kanya kahapon _____
5. Madalas maglaro ang magkaibigan na sina Jocelyn at Manilyn sa parke ____
6. Manong pakisabi po sa akin kung may makikita kayong payong na kulay pula _____
7. Dinala siya sa Zamboanga del Sur Medical Center upang masuri ng doktor _____
8. Ipasok mo ang sisiw sa loob ng bahay Ryan _____
9. Yehey! Nanalo kami sa basketbol _____
10. Bakit ka ba nakatayo sa ilalim ng puno ng mangga _____



# Isaisip

May apat na uri ang Pangungusap ayon sa gamit.

- **Pasalaysay–**ito ay nagsasalaysay, nagpapaliwanag, nagkukuwento, o naglalarawan. Nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tuldok (.)
- **Patanong-** ito ay pangungusap na patanong. Nagsisimula ito sa malaking titik at nagtatapos sa tandang pananong (?)
- **Pautos o pakiusap-** ito ay nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin. Nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tuldok (.) Ang pangungusap na **pakiusap** ay nakikiusap at kadalasan ginagamitan ng mga salitang maaari, pwede bang, kung maaari sana at paki, ang **pautos** naman ay nag-uutos ang tono ng boses ay nag-uutos.
- **Padamdam-** ito ay nagsasaad ng matinding damdamin. Tulad ng tuwa, takot, o pagkagulat. Nagsisimula ito sa malaking titik at nagtatapos sa tandang padamdam (!)



# Tayahin

**PANUTO**: Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel o notbuk.

1.Ano ang tawag sa uri ng pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin tulad ng tuwa,takot, gulat, sakit, galit, lungkot at paghanga?

A. Pasalaysay
B. Patanong
C. Pakiusap o pautos
D. Padamdam

2. Ang pangungusap na nag-uutos. Ito ay nagtatapos ng tuldok. Ito ay___________?

A. Pasalaysay
B. Patanong
C. Pautos o pakiusap
D. Padamdam

3.Alin sa mga sumusunod ang pangungusap na padamdam?

A. Ang aming tinapay ay pinalasap at pinasarap.
B. Wow! Panalo sa sarap ang aming “Fried Chicken!
C. Ano pa ba ang hinihintay nyo?
D. Pumunta na sa pinakamalapit na botika.

5. “Ang aming produkto ay nakakapagpawala ng sakit ng katawan.”
   Anong uri ng pangungusap ito?
   A. Pasalaysay
   B. Patanong
   C. Pautos o pakiusap
   D. Padamdam

6. Anong bantas ang gagamitin sa pangungusap na ito?
   Kailan ka ba bibili___
   A. Tuldok (.)
   B. Kuwit (,)
   C. Tandang pananong (?)
   D. Tandang padamdam (!)



# Karagdagang Gawain

**Gawain A**

**PANUTO:** Sumulat ng maikling kwento tungkol sa inyong masayang karanasan sa buhay gamit ang mga uri ng pangungusap sa pagsasalaysay. Gabay mo sa paggawa ay ang RUBRIKS sa ibaba.

**RUBRIKS**

| PAMANTAYAN | INDIKATOR | PUNTOS | MARKA |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Maayos na naisasalaysay ang karanasan sa buhay | 5 | |
| Kaangkupan ng mga uri ng pangungusap na ginagamit sa pagsasalaysay | Wasto ang gamit ng mga uri ng pangungusap at wastong gamit ng mga bantas nito | 5 | |

Magaling kaibigan! Ngayon ay malapit na nating marating ang dulo ng ating paglalakbay. Isang gawain na lang at mapagtagumpayan mo na ang iyong modyul sa linggong ito.

Mas masaya kung ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay sa modyul na ito para matapos na ito. Tara na!

Mahalaga ang mga uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng ating sariling karanasan at nakatutulong sa pagpapakilala ng produkto na makikita natin sa ating paligid na palagi nating napag-uusapan sa asignaturang Araling Panlipunan.

**Gawain B**

**PANUTO:** Gumawa ng talata na magpapakilala ka sa produktong pinoy at gamitin ang RUBRIKS sa ibaba na magiging gabay mo sa pagbibigay ng puntos.

**RUBRIKS**

| **Kasanayan** | **5 Napakahusay** | **4 Mahusay na mahusay** | **3 Mahusay** | **2 Katamtaman** | **1 Sasanayin pa** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1.Naipapakilala ang produktong Pinoy ng maayos. | | | | | |
| 2.Nagagamit ng wasto ang uri ng mga pangungusap. | | | | | |
| 3.Nagagamit ng wasto ang mga bantas ng iba't ibang uri ng pangungusap | | | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

1. C
2. A
3. B
4. D
5. A

**TUKLASIN:**

1. pasalaysay
2. pautos o pakiusap
3. pautos o pakiusap
4. pasalaysay
5. padamdam
6. patanong
7. patanong
8. padamdam

**PAGYAMANIN:**

1. !
2. ?
3. .
4. ?
5. .
6. .
7. .
8. .
9. !

**TAYAHIN:**

1. D
2. C
3. B
4. A
5. C

**Karagdagang Gawain:**

Gawain A - Maaaring iba-iba ang mga sagot

Gawain B - Maaaring iba-iba ang mga sagot

# Sanggunian


Department of Education. *Filipino learners' guide 4*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Filipino teachers' guide 4*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

**The Footprints Prayer**

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

**Trees by Joyce Kilmer**

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.